Pagtatrabaho nang may HST: Ano ang kailangan mong malaman

Ontario

Enero 2011

Ang Harmonized Sales Tax (HST) ay nagkabisa sa Ontario noong Hulyo 1, 2010 bilang kapalit nang umiiral na panglalawigang Retail Sales Tax (RST) at pag-iisahin kasama ng federal Goods and Services Tax (GST).

Ang paglipat sa HST ay nangangahulugang **isang set na lang ng forms** ang inyong gagawin, isang bayaran at isang point of contact para sa pagsusuri, pag-apila at serbisyo para sa nagbabayad ng buwis. Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay ng mga bagay na mahalaga mong malaman.

☑ Ang HST ay halos katulad ng GST na may karagdagang provincial component para umabot sa kabuuang rate na 13%. Kung walang nilapat na GST, walang HST ang ilalapat pagkatapos ng Hulyo 1, 2010. Ang provincial point of sale rebates ay nangangahulugan na ang mga napiling kalakal ay 5% ang buwis.

☑ Kung ikaw ay nakarehistro na para sa GST, wala nang pagpapatala o registration ang kailangan pa. Kung ikaw naman ay hindi na kinakailangang magrehistro para sa GST, hindi mo na rin kailangang magrehistro para sa HST.

☑ Ang iyong HST reporting period ay katulad din ng GST reporting period mo. Kailangang i-report pareho ang GST at HST na nasingil at nakolekta, at kunin ang iyong input tax credits and rebates sa paraang katulad din ng pagkuha sa GST.

☑ Dapat iyong nabago na ang mga sistema ng accounting, billing, invoicing, cash register at point of sale, kabilang ang web interface at automatic payments, upang magpalit sa HST, at tanggalin ang RST. Dapat ding iyong nasiguro na naalis na sa budget ang 8% RST cost from purchases pagkatapos ng Hulyo 1, 2010 alinsunod sa pagpapalit ng patakaran o transitional rules. Iyo ring dapat na-update ang kalkulasyon ng taxable benefit.

☑ Kumonsulta sa pagpapalit ng patakaran o transitional rules para sa mga transaksyong sinimulan bago Hulyo 1, 2010 at ang katapusan ay makaraan ang petsang nabanggit. Tiyaking iyong nasingil ang angkop na HST sa anumang singiling inihanda ng Mayo 1, 2010 o pagkatapos ng petsa na ito para sa mga taxable goods, services, or intangible property na natustusan pagkatapos ng Hulyo 1, 2010. Sanayin mo rin ang iyong sarili tungkol sa place of supply rules at ang pansamantalang paghihigpit sa input tax credits.

☑ Suriin ang epekto ng HST sa mga planong ukol sa budget at negosyo upang maisaalang-alang ang pagbaba ng halaga at pagbabago sa bilihang pangkalakal. Suriin din ang estratehiya sa pagpresyo at siyasating mabuti ang mga sipi ng tagapagtustos o supplier quotes upang matiyak na ang matitipid galing sa buwis ay maipaganap.

☑ Ang iyong huling RST return ay dapat nabayaran bago sumapit, o sa mismong araw ng Hulyo 23, 2010. Ang supplemental returns ay magagamit sa pagbibigay-alam sa halaga ng RST na nalikom pagkatapos ng Hulyo 1, 2010.

Nasuri mo na ba ang epekto ng income tax cuts?
Tandaan, ang HST ay isang bahagi ng comprehensive tax package na kabilang ng significant tax cuts para sa negosyo at para sa tao.

Ang checklist na ito ay ginawa para makadagdag sa detalyadong impormasyong inyong makukuha sa Tanggapan ng Rentas Internas ng Canada o Canada Revenue Agency (CRA) o kaya sa Kagawaran ng Rentas Internas ng Ontario o Ontario Ministry of Revenue.

Para sa karagdagang Impormasyon:

Upang higit na malaman kung paano makikinabang ang inyong negosyo sa HST, bisitahin ang **ontario.ca/taxchange**. Maaari ring tumawag sa 1 800 337-7222, teletypewriter (TTY) 1 800 263-7776.

Ang Canada Revenue Agency ang iyong maaaring pagkuhanan ng impormasyon tungkol sa GST/HST. Bisitahin ang website ng CRA sa **cra.gc.ca/gsthst** o tumawag sa 1 800 959-5525.

© Queen's Printer for Ontario, 2011
ISBN 978-1-4435-5914-0 (Print) • ISBN 978-1-4435-5915-7 (PDF)